**Abstract**

On the day of module distribution and retrieval, a mother complains to her son's teacher regarding a discriminating item: *"Ang tattoo ay simbolo ng pagiging kriminal."* As she shows her tattoo "Punks Not Dead," another parent who happens to be a policeman drops by. As the characters argue about the item, the play shows what's permanently inked with prejudice.

**Keywords**
learning modules
online education
tattoo
pandemic
extrajudicial killings

# PUNKS NOT DEAD!

**ANDREW BONIFACIO L. CLETE**

*Ang dulang ito ay itinanghal sa Virgin LabFest 17 at 18 sa direksyon ni Roobak Valle.*

*Ang mga nagsiganap:*
*Via Antonio bilang Ms Apple*
*Martha Nikko Comia bilang Ms Apple*
*Maria Alilia Bagio bilang Bireng*
*Paulo Cabanero bilang Artur*

STAFF:
*Angelo Mangaliman (dramaturg), Maja Desuasido (stage management and poster design), Julia Pacificador (set design), J Laspuña (sound design), Roman Cruz (lighting design)*

*Ito rin ay nagwagi ng unang gantimpala sa 70th Don Carlos Palanca Memorial Awards sa kategoryang Dulang May Isang Yugto.*

**Mga Tauhan:**

| | |
|---|---|
| *Ms. Apple* | 30s, guro sa Mataas na Paaralan ng Moonwalk, suot ang collared shirt na may pangalan ng kanilang eskuwelahan sa dibdib |
| *Bireng* | 40s, nakadaster, may bitbit na plastic envelope na lagayan ng module |
| *Artur* | 40s, nakasuot ng uniporme ng pulis, may bitbit na plastic envelope na lagayan ng module |

**Panahon:**
Kasalukuyan

**Tagpuan:**
Sa loob ng klasrum sa pangalawang palapag ng gusali ng paaralan

## ANG DULA

*Bubukas ang entablado at makikita ang hile-hilera ng upuan sa loob ng silid-aralan. Magkakalayo ito dahil sa social distancing. Nasa kaliwang bahagi ng entablado ang pinto galing sa labas. Makikita namang nakabukas sa kanan ang mga bintana ng silid.*

*Sa gitna ay makikita si Ms. Apple na nakaupo sa lamesa. Maririnig ang pinakikinggan niyang heavy metal. May nakaharang na plastic cover sa pagitan niya at ng mga upuan. Makikita rin ang blackboard. Meron ding iba't ibang kahon sa gilid ng lamesa na may iba't ibang kulay.*

*Nakaupo si Ms. Apple sa gitna. Iniisa-isa niya ang mga pangalan ng mga nagbalik ng module. Tatayo siya para sumilip sa labas ng koridor pero babalik din sa loob ng klasrum. Papatayin niya ang pinakikinggang music. Babalikan niya ang listahan sa class record.*

**MS. APPLE**

*Resuello, Reyes, Baldes ...* Tatlo na lang. Tapos na!

*Kukunin niya ang cellphone sa bulsa. Magre-record siya ng video para i-send sa klase.*

**MS. APPLE**

Resuello, Reyes, Baldes ... kayo na lang ang hindi pa nagpapasa ng modyul ninyo para sa Weeks 5, 6, 7, 8. Paki-remind ang inyong mga magulang na ipasa ito bago mag-alas-singko. Maliwanag ba 'yon, mga bata? This is Ms. Apple, your adviser. Thank you!

*Saglit na maghahanap ng signal si Ms. Apple para ipadala ang video. Agad naman itong magse-send. Lalabas ulit siya para sumilip sa koridor. Matapos ang ilang segundo, maririnig niya ang tunog ng notification sa Messenger. Babasahin niya ang mensahe.*

**MS. APPLE**

*Resuello: Ma'am, nagpasa na po si Mama kaninang alas-dose.* Anong nagpasa? Naaalala ko lahat ng nagpunta dito! Ito talagang mga batang ito. Magpapalusot kung lulusot. Ay oo nga. Nakita ko pala si Resuello kanina. Tama. Reyes at Baldes na lang pala.

*Titigil si Ms. Apple dahil sa pagkatok ni Bireng. Ibabalik niya ang cellphone sa loob ng bag.*

**BIRENG**

Grade 5-A ba ito? Reyes ho.

**MS. APPLE**

Enter, ma'am. Enter. Yes po. 5-A. Pa-log na lang po dito. Palagay na lang ng modules sa mga box. Naka-color coding naman po 'yan per subject.

*Papasok sa loob ng silid si Bireng. Lilingon-lingon ito sa labas bago tuluyang pumasok. Sisipatin niya ang buong silid. Bubuksan ni Bireng ang plastic envelope at ilalabas ang module. Ihaharap ni Bireng ang module kay Ms. Apple.*

**BIRENG**

Science, English, Values, Araling Panlipunan

**BIRENG**

Ma'am, puwede po bang pakipaliwanag ito?

**MS. APPLE**

Ano po'ng ipapaliwanag—

**BIRENG**

Ma'am, 'wag po kayong magmamalinis sa 'kin ha! 'Wag—kang—magmalinis! Pakipaliwanag 'yong nakalagay sa module na 'to!

**MS. APPLE**

Ano po ba ang problema?

*Bubuklat-buklatin ni Bireng ang module.*

**BIRENG**

Tinawag lang naman ako ng anak ko na "kriminal" dahil sa module na ito!

*Ibabato ni Bireng ang module kay Ms. Apple. Pupulutin ito ni Ms. Apple.*

**MS. APPLE**

Calm down, Misis. Calm down, sige ho pag-usapan po natin.

*Hahablutin ulit ni Bireng kay Ms. Apple ang module at ipapabasa.*

**BIRENG**

Nakalagay. Ma'am, akin na 'yong papel. Babasahin ko sa 'yo. "Ang pagkakaroon ng tattoo ay simbolo ng ________________." Uulitin ko, babagalan ko para magkaintindihan tayo. "Ang pagkakaroon ng tattoo ay simbolo ng ________________." Ang sinagot ba naman ng anak ko ay Letter B! kriminal!! Ang pagkakaroon ng tattoo ay simbolo ng pagiging kriminal!! Muntikan na akong himatayin sa mga sinagot ng anak ko!

**MS. APPLE**

As the adviser, I advise you, ma'am, na itama ang sagot. Puwede n'yong ipaliwanag sa anak ninyo kung ano talaga ang tama. Ang edukasyon po ay nanggagaling din sa bahay.

**BIRENG**

Sa tingin mo hindi ko ginawa 'yon, ha?

**MS. APPLE**

Kung naipaliwanag ninyo, e di sana hindi na kayo tatawaging kriminal ng anak ninyo. Korek?

**BIRENG**

Paano ko maipapaliwanag sa anak ko 'yon? 'Yon ang nakalagay sa Key to Correction ninyo! Ayan, hanapin mo diyan, ma'am. Ayan o, nakalagay Letter B: "Ang pagkakaroon ng tattoo ay simbolo ng pagiging kriminal!" Ano ba 'tong mga pinagtututuro n'yo sa anak ko?!

**MS. APPLE**

Hindi ninyo po kasi dapat ibinigay ang Key to Correction habang nagsasagot. Para sa parents lang po 'yon kapag itse-tsek na ang tamang sagot.

**BIRENG**

Kasalanan ko pa tuloy ngayon? Ako pa ang may kasalanan sa mga maling nakalagay sa module na 'yan!

**MS. APPLE**

Ano po ba ang tattoo ninyo?

**BIRENG**

Ito, o! **PUNKS NOT DEAD!**

*Ipapakita ni Bireng ang tattoo niya sa bandang kanang balikat.*

**MS. APPLE**

Wala naman ho kayong dapat ikagalit kung wala naman kayong ginagawang masama—

**BIRENG**

'Wag mo akong pagbibintangan! Wala akong ginagawang masama. Matagal na 'tong tattoo ko. Dalaga pa lang ako, may tattoo na ako. Sa katunayan, dito sa tattoo ko natutong magbasa si Junior. Tuwing dumedede 'yon sa 'kin no'ng bata pa siya, "Junior, o basahin mo: *PUNKS NOT DEAD*." Kaya no'ng nabasa niya sa module ninyo na ang pagkakaroon ng tattoo ay simbolo ng kriminal, aba pinagmayabang ba naman sa mga kapitbahay namin?

**MS. APPLE**

E di sana ho ipinagkalat din ho ninyo sa mga kapitbahay n'yo na wala naman po talaga kayong ginagawang masama.

**BIRENG**

Makinig ka, Mrs. Apple, ha.

**MS. APPLE**

"Miss" lang ho.

**BIRENG**

O kita mo na. Ito, Ma'am, ha, hindi ako nagpapakahirap na tumanggap ng mga labada para lang tawaging kriminal ng anak ko. Biruin mo onse anyos lang 'yon tapos tawag sa 'kin kriminal ako dahil may tattoo ako. Kung inilagay pa ninyo na ang mga lalaking hindi marunong tumanggap ng responsibilidad ay simbolo ng pagiging kriminal, malamang 'yon natanggap ko pa. Kaso ako, nanay ako. Lahat gagawin ko para pakainin ang anak ko nang walang hinihinging tulong sa ibang tao. Tapos tatawagin n'yo lang akong kriminal? Dahil lang sa tattoo kong *PUNKS NOT DEAD!* Aba, dadanak talaga ang dugo dito!

**MS. APPLE**

Misis, naiintindihan ko naman ang galit ninyo. Pero naipakalat na po kasi namin. Pero itinama ko na po 'to sa students. Ang sabi ko, 'wag nilang sagutan ang item na ito. Nag-send din ako ng video sa Messenger para ipaliwanag na 'wag sagutan kasi nga naging viral na ito online.

**BIRENG**

Nailagay na online, pero wala man lang nakapansin!

**MS. APPLE**

Hindi kasi ganoon kadali magpalit ng module, Misis. Naipakalat na rin kasi.

**BIRENG**

Naipakalat nang walang nakakapansin? Sa dinami-rami ninyong teachers dito? Alam mo ba, Ma'am, pinagtsitsismisan na ako ng mga kapitbahay namin. Noong isang araw nga e habang naglalaba ako sa tapat ng bahay namin, may mga batang naglalaro ng pulis-pulisan. 'Yong isa, tinutukan ba naman ako ng pellet gun! Ang sabi sa 'kin, "'Wag kang gagalaw, kriminal ka!" Sa galit ko ba naman, ibinuhos ko 'yong pinagsabunan ko sa kanila! Ayun, umuwi silang puro bula.

**MS. APPLE**

Misis, kaya nga ho nag-send ng video sa Messenger na 'wag sagutan kasi nga mali. Nag-text brigade pa nga ako sa parents. Kahit tingnan ninyo sa cellphone, meron din akong message.

**BIRENG**

E, Ma'am, pa'no ko nga gagawin 'yon? E iisa lang cellphone sa bahay namin. Ang asawa ko laging ginagamit sa talpak e-sabong, tapos 'yong anak ko Tiktok nang Tiktok, tapos 'yong online class na 'yan. Ako ngang nanay nila di ako makapag-Tongits Go. Ang dami-dami ninyong pinapagawa! Halos kami na ang gumagawa ng trabaho ninyo!

**MS. APPLE**

Misis, that's very wrong to say.

**BIRENG**

Ay, no! Dapat nga kami ang pinasusuwelduhan, kasi totoo naman na kami na halos gumagawa ng trabaho ninyong mga teacher.

**MS. APPLE**

Misis, that's why we're here para kumuha ng modules ng anak ninyo. We're working all day, all night! Naaalala po ba ninyo no'ng tumawag kayo sa 'kin no'ng New Year para kumuha ng certificate na naka-enroll ang anak ninyo? Dahil sa libreng online kit na ibibigay ni kapitan sa mga nag-o-online class. Misis, as the adviser, kahit nagpuputukan na, ginawa ko

’yong certificate dahil nga po sabi n’yo kailangan na kailangan. Unlimited na nga ang utos n’yo sa ’ming mga teacher. Pati pag-ML ng anak ninyo, gusto n’yo kami pa po ang kumausap sa kanila.

**BIRENG**

Basta ang gusto ko ay mapalitan ang nakalagay sa module na ’yan!

**MS. APPLE**

Ganito na lang po siguro. Maglalagay ako ng note sa susunod na module na ibibigay. Mag-iiwan ako ng worksheet activity para itama ang item na ito.

**BIRENG**

Ngayon na! Ipapakita ko ’yan sa anak ko. Ngayon na! Hindi ako aalis dito hangga’t hindi ito napapalitan.

**MS. APPLE**

Agad-agad? Naku, hindi po ganoon iyon. Di po madaling magpalit ng module, Misis. Pasensiya na.

**BIRENG**

Kelan pa?

**MS. APPLE**

Next month ho.

**BIRENG**

Next month?

**MS. APPLE**

Oho. Ngayong araw kasi ang bigayan para sa buwan na ’to.

**BIRENG**

Next month? Hindi ako puwedeng makahintay ng isang buwan! Ang tagal no’n! Kailangang mapalitan lahat ng ’to ngayon na. Hindi na nga natutulog sa tabi ko ang anak ko. Sabi niya baka raw may gawin akong masama dahil nga kriminal daw ako. Biruin mo, sarili kong anak natatakot sa ’kin na may gawin akong krimen? Hindi na ito puwedeng tumagal nang isang buwan.

**MS. APPLE**

Misis, siguro po sa Biyernes mag-schedule ako ng online class sa mga puwedeng pumunta. Sabihan ho ninyo ang anak ninyo na umatend para maipaliwanag ko—ulit.

**BIRENG**

Sa Biyernes pa? Lunes pa lang ngayon. Apat na araw pa? Tatanungin na naman ako ng anak ko. Di ako tatantanan no'n kung anong krimen ang ginawa ko. Paano kung may tumawag ng pulis?

**MS. APPLE**

Misis, di po kasi ganoon kadali magpalit ng modules. Kailangan pa kasing ipabasa 'yong worksheet sa mga validator. Sila rin po 'yong nag-aapprove. After ma-approve, ipapakalat na ng Division Office. As the adviser, ang suggestion ko ay hayaan po ninyo ang anak ninyo na maging busy sa module for this month nang sa ganon makalimutan niya na kriminal kayo. At saka sabihan ho ninyo na kumpletuhin ang mga sagot. Misis, no'ng nakaraan na nag-check ako ng modules, kulang-kulang ang sagot. Sa simula lang meron, pero sa gitna wala na masyado.

**BIRENG**

Pinasasagutan ko 'yan lahat. Baka hindi lang namin nakita ng anak ko 'yong ibang pages. Ang dami kasi.

*Papasok si Artur ng entablado. Nakasuot ng uniporme ng pulis. May hawak na plastic envelope.*

**ARTUR**

5-A? Baldes ho.

**BIRENG**

Bakit may pulis?

**MS. APPLE**

Yes po, sir, 5-A po.

**BIRENG**

Tumawag ka ng pulis?? Di ba sabi ko naman sa 'yo wala nga akong ginagawang masama.

**MS. APPLE**

Hindi ho, Misis. Magulang din ho 'yang si Sir Baldes dito.

**ARTUR**

Ano ho ba'ng nangyayari dito?

**BIRENG**

Magulang ka rito?

**ARTUR**

Oo. Bakit? Ma'am, ginugulo ka ba nito?

**BIRENG**

Hindi ako nanggugulo. Ipinaglalaban ko lang ang karapatan ko bilang isang ina.

**MS. APPLE**

Inirereklamo po kasi ni Misis ang module na nagsasabing lahat ng may tattoo, kriminal. Ngayon tinatawag daw po kasi siyang kriminal ng anak niya dahil may tattoo siya.

**ARTUR**

A ganon ho ba, ma'am. E sakto, nandito rin ako para i-check ang lugar. Kasi galing ako kanina sa station, tapos sabi doon, noong isang araw daw may mga batang nagrereklamo, estudyante rin daw dito, basang basa 'yong bata e. Tapos nagkataon na magsasauli ako ng module dito, kaya sabi ng hepe ko, isabay ko na. O e ano problema mo, Misis.

**BIRENG**

Ay sir, hindi ako nanggugulo. Nagrereklamo lang ako tungkol sa module. At saka wala akong ginagawang masama.

*Lalapitan ni Artur si Bireng.*

**ARTUR**

Inirereklamo mo na kapag may tattoo, kriminal? Hindi ba totoo naman?

**BIRENG**

Paano nangyari 'yon? E wala nga akong ginagawang masama.

**ARTUR**

Ops! Urong 'onti, may virus pa. Alam mo ba, lahat ng mga nahuhuli namin may tattoo? Wala kaming nahuhuli na walang tattoo sa katawan. Kahit tumingin ka sa mga kulungan, lahat sila meron. Kaya tama lang na 'yan ang sagot sa module.

**MS. APPLE**

Paano naman ang katulad ni Misis, sir? Meron nga pong tattoo, pero walang namang ginagawang masama.

**ARTUR**

Ano ba'ng tattoo mo, Misis?

*Sabay na sasagot si Bireng at si Apple sa tanong ni Artur.*

**BIRENG at MS. APPLE**

PUNKS NOT DEAD.

**ARTUR**

Misis, sigurado ka bang wala kang ginawang masama?

**MS. APPLE**

Sir, masama naman yata na pagbintangan natin si Misis dahil may tattoo siya.

**BIRENG**

Kayo nga, wala nga kayong tattoo pero pumapatay kayo misis, ding tao.

**ARTUR**

Ay Misis, hindi lahat ng pulis ay ganyan.

**BIRENG**

Kung hindi lahat ng pulis pumapatay, bakit lahat ng may tattoo ay kriminal?

**ARTUR**

Oo nga. Teka, teka, ang gulo. Ipabura mo na lang kasi ang tattoo mo para walang problema. Tapos.

**MS. APPLE**

Ay, sir, I believe po as the adviser, I think hindi maso-solve ng pagbura ng tattoo ang problema. Puwedeng hindi na siya tawaging kriminal ng anak niya pero may ideya pa rin na lahat ng may tattoo ay kriminal.

**BIRENG**

Tama si ma'am. Hindi ko ipapabura ang tattoo ko. Kasi kapag ginawa ko 'yon, para ko na ring inamin na lahat ng may tattoo ay kriminal.

**ARTUR**

Putcha, arte mo e! Ikaw naman may kasalanan kung bakit ka binabastos ng anak mo e. Anliliit pa no'n e. Kasinlaki lang ng anak ko, si Nene. Kayo ang may edad, kayo ang dumisiplina. Gayahin n'yo 'ko, puwede kayo maging pulis ng anak n'yo. Pag inulit kang bastusin, tawagin mo, "Iho, halika." Tapos paluhurin mo sa asin! Tapos lagyan mo ng gin. Habang umaaray, kumuha ka ng belt. Hampasin mo! Dito na pumapasok ang dos por dos, Misis. Hampasin mo ng dos por dos! Ewan ko na lang kung tawagin ka pang kriminal ng anak mo.

**MS. APPLE**

Nakakatakot naman yata kayong maging tatay, sir.

**BIRENG**

Bakit lahat ng pulis tunog mamamatay-tao?

**ARTUR**

Naku, Misis, 'wag mong lahatin lahat ng pulis.

**BIRENG**

Gano'n din ang gusto kong sabihin sa mga may tattoo.

**ARTUR**

Ganito na lang, para maging sulit ang pagpunta ko rito, at may maireport ako sa station. Sumama na kayo sa akin.

**BIRENG**

Ay! Hindi ako sasama sa 'yo. Baka mamaya may gawin ka pang masama sa 'kin. Di ba, ma'am, marami nang napabalitang kalokohan ang mga pulis.

**ARTUR**

Tutulungan ko na nga ho kayong linisin ang pangalan ninyo e. Kasi kapag sumama ka sa 'kin do'n, puwede kitang tulungang kumuha ng police clearance. At saka matutulungan mo rin ako. May mairereport ako do'n sa station, lalakas ako sa hepe ko. Kaya kung ako sa inyo, sumama na lang kayo sa 'kin.

**BIRENG**

E wala nga akong dapat linisin, kasi wala naman akong ginagawang masama.

**ARTUR**

Ganda mo! Ganda mo! Misis, kung ayaw mong sumama sa 'kin, lalo ka lang paghihinalaan na may ginagawa ka ngang masama. O baka naman meron talaga?

**BIRENG**

Malay ko rin ba kung pulis ka nga talaga? Baka nagpapanggap ka lang.

**MS. APPLE**

Misis, sandali lang ho, ano. Magulang ho talaga dito si sir. Nakita ko na rin siya no'ng nakaraan.

**BIRENG**

Hindi rin tayo sure, ma'am. Maraming kayang napapabalita sa TV, di ba? 'Yang mga pulis na 'yan! Kung tutuusin baka nga mas marami pang pulis na mamamatay-tao kaysa sa mga may tattoo.

**ARTUR**

*(Kay Ms. Apple)* Hayop! Ma'am, matanong ko lang, ha. Ito ba ay nakita mo na no'ng nakaraan?

**MS. APPLE**

Actually, ngayon lang ho.

**ARTUR**

Tingnan mo na. Ikaw pala ang hindi mapagkakatiwalaan, Misis, e. Una, ayaw mong sumama sa ’kin sa station. Pangalawa, ayaw n’yong ipabura ’yang tattoo ninyo. Pangatlo, hindi mo makontrol ang anak mo sa pagtawag sa ’yo ng kriminal. Higit sa lahat, ngayon lang pala kayo nakita ni Ma’am Apple dito, tapos kayo pa ang galit sa pulis? Baka naman may ginagawa ka talagang masama?

**MS. APPLE**

Hindi naman sa gano’n, sir. Baka naman hindi ko lang napansin si Misis no’ng nakaraan. Marami kasing napunta rito kaya hindi ko na matandaan.

**ARTUR**

Ma’am, bakit parang pinagtatakpan mo pa siya? Ay ang galing! Dalang-dala ako do’n a. Pakshet. Hoy! Magkasabwat kayo, ’no.

*Ilalapag ni Artur ang dalang plastic envelope na may module. Lalapitan niya ang mga kahon.*

**MS. APPLE**

Sir, eskuwelahan ho ito. As the adviser, hindi puwedeng lapitan ang mga box na ’yan. Dahil di pa nasa-sanitize ’yan, sir.

**ARTUR**

Chine-check ko lang. Kasi baka mamaya may ibang bigayan na ring nangyayari dito.

**BIRENG**

May bigayan nga—

*Makikita ni Artur na lalapit si Ms. Apple sa kaniyang lamesa para bumunot sa kaniyang bag.*

*Bubunot ng baril si Artur at itututok kina Bireng at Ms. Apple.*

**ARTUR**

Walang gagalaw. Itaas ninyo kamay ninyo. *(Kay Ms. Apple)* Talikod! Sinabi ko na e!

*Itataas nina Bireng at Ms. Apple ang mga kamay nila.*

**MS. APPLE**

Sir, kukunin ko lang cellphone ko para tawagan ang principal. Ibaba ho ninyo 'yang baril. Teacher ho ako dito! Nakikita naman ninyo sa T-shirt ko!

**ARTUR**

Tumalikod kayo! Ang galing! Sinabi ko na e. Saan nanggagaling ang mga ibinibigay n'yo rito?

*Sisipa-sipain ni Artur ang mga box ng module.*

**MS. APPLE**

Sa Division Office, sir. Alam po ng principal na may bigayan dito.

**ARTUR**

Pati pala principal, kasabwat ninyo dito, ha.

**MS. APPLE**

Malamang, principal namin 'yon, sir. Hindi kami makakapagbigayan dito nang hindi nila alam. Parang awa na ninyo, sir. 'Wag ho ninyo kaming barilin.

**ARTUR**

Saan kumukuha 'yong Division ba 'yon? Saan kumukuha 'yong office?

**MS. APPLE**

Sa mga teacher din, sir. May mga teacher na nagbibigay. Tapos pinapadala sa Division para i-distribute sa buong Las Piñas.

**ARTUR**

Buong Las Piñas? Gano'n kalaki ang operasyon?

**BIRENG**

Sir, wala akong kinalaman diyan. Magulang lang ho ako rito.

**ARTUR**

Akala ninyo di ko mapapansin. Talikod! Magkasabwat kayo, ano? Kunwari ka pang nagrereklamo. Akala ba ninyo hindi ko napapansin? Kanina pa ninyo ako pinagkakampihan. Ano'ng itinatago ninyo dito?

**MS. APPLE**

Sir, adviser ho ako ng anak ninyo.

**ARTUR**

'Yon na nga e. Adviser ka pa naman.

**BIRENG**

Sir, wala akong kinalaman sa bigayan. Magulang lang ho ako rito.

**ARTUR**

Letse! Sa itsura mong 'yan?

**MS. APPLE**

Misis, 'wag ho kayong ganyan. Alam ninyo na may bigayan dito. Binigyan mo 'ko. Bago ka umalis bibigyan din kita!

**BIRENG**

Hoy, ma'am. 'Wag ninyo akong idamay diyan sa bigayan ninyo. Kung tutuusin, kayo nga dapat ang makulong e. Kasi kung ano-ano'ng itinuturo n'yo sa anak ko.

**MS. APPLE**

Ay, Misis, ikaw ang dapat makulong. Di ba tinawag kang kriminal ng anak mo? Malay ba natin kung totoo nga 'yon. Baka may ginagawa ka talagang masama.

*Papupuntahin ni Artur sina Bireng at Ms. Apple sa isang sulok ng klasrum.*

**ARTUR**

'Wag magdikit! May virus pa! Do'n kayo sa puno. Punta kayo do'n. Humarap kayo sa dingding. Maghiwalay kayo!

*Bubunot ng radyo si Artur.*

**MS. APPLE**

Sir, as the adviser—

**ARTUR**

Sabi nang manahimik!

**BIRENG**

As a mother—

**ARTUR**

Putang ina mo!

*Mananahimik ang dalawa pero maririnig pa rin ang iyak nila nang mahina.*

**ARTUR**

Huling-huli na kayo e. Magkasabwat kayo. Tumahimik kayo! *Valdes ho. Hello, Sarge, nandito ako sa Las Piñas school e. Oo, pinapunta ako rito ni hepe. 'Tang ina, Sarge, may bigayan dito! Putang ina, huli ko 'to. Hawak ko 'yong suspects, ayan dalawa. Kailangan ko ng backup. 'Tang ina, legit 'to, boss. Di ko na ginagawa 'yon. Muntik na akong mahuli noon e. Sabihin mo kay hepe may huli ako, matutuwa 'yon. Okay, okay, hintayin ko kayo.*

*Kakapkapan ni Artur sina Bireng at Ms. Apple.*

**BIRENG**

Sir, pakawalan na ninyo kami. Hindi na ako magrereklamo sa item.

**ARTUR**

Ano? Item? Saan nakatago ang item?

**MS. APPLE**

Nando'n po sa mga box, sir. Naka-color coding po 'yon per subject.

**ARTUR**

Ilan ang mga nabigyan ninyo ngayong araw?

**MS. APPLE**

Hindi ko po alam.

**ARTUR**

Sumagot kayo nang tama para hindi na kayo mahirapan. Makipag-cooperate kayo. Kung hindi, talagang tutuluyan ko kayo.

**MS. APPLE**

Nasa listahan po lahat ng nabigyan ngayong araw, sir. Marami lang po talaga, kaya hindi ko alam.

**ARTUR**

Puro mga magulang ba nabigyan ninyo o may bata rin?

**MS. APPLE**

May mga menor de-edad, sir. Pero mukhang disiotso na rin naman. Binigyan ko na, kasi inutusan daw sila ng magulang nila.

**ARTUR**

Pati menor de-edad, dinadamay pa ninyo dito. Ma'am, alam naman ninyo na labag sa batas 'yan.

*Pupuntahan ni Artur ang listahan.*

**MS. APPLE**

Sir, pasensiya na kayo. Kapag hindi ko naman binigay, wala ring kukuhang iba.

**BIRENG**

Sir, may point si ma'am. Paano kung di tayo puwede, iuutos natin sa anak natin? Ano ka ba.

*Hahalungkatin ni Artur ang lamesa. Titingnan ito ni Bireng at ni Ms. Apple. Sisigawan ni Artur ang dalawa.*

**ARTUR**

'Wag kayo rito tumingin. Sa pader kayo humarap. Babarilin ko kayo! 'Wag ngang magdikit, may virus.

*Magpapatuloy sa paghalungkat si Artur sa lamesa ni Ms. Apple.*

**ARTUR**

Magkasabwat pa magulang at teacher. Pati eskuwelahan hindi ninyo pinapatakas sa drugs, ha.

**MS. APPLE**

Sir, walang drugs diyan. Puro modules lang nandiyan. Ay, sir, bag ko yan. Deo ko po 'yan. Pabango ko, sir. Sanitary napkin ko 'yan!

*Ibubuhos ni Artur ang laman ng bag ni Ms. Apple. Iaangat niya ang mga nasa loob nito: cellphone, pabango, notebook na may stickers ng mga banda, napkin, headphones, etc.*

**BIRENG**

Sir, sinabi na ni ma'am. Bigayan ng modules lang meron dito. Drugs alaws.

*Lalapitan ni Artur si Bireng. Tututukan niya ng baril.*

**ARTUR**

Ano'ng sinabi mo? Walang drugs dito? Tumigil nga kayo!

*Takot na sasagot si Bireng.*

**BIRENG**

Bigayan lang ng modules, sir. Walang drugs.

*Mapapaisip si Artur. Matitigilan.*

**ARTUR**

Hindi mo mabibilog utak ko! Lulusot ka pa, ha? Kanina pa kahina-hinala ang mga sinasabi mo.

**BIRENG**

Sir, kung akala ninyo may bigayan ng drugs dito, nagkakamali kayo. Modules ang ibinibigay dito.

*Magagalit at sisigaw si Artur.*

**ARTUR**

Manahimik! Kapag hindi ko kayo tinatanong, hindi kayo magsasalita.

*Kakapkapan ulit ni Artur sina Bireng at Ms. Apple.*

**ARTUR**

Saan ninyo itinatago ang item, ha? Ilabas na ninyo. 'Wag na ninyo akong pahirapan pa!

**MS. APPLE**

Sir! Wala ngang drugs. Puro modules lang ang nandito. Kahit na maghubad pa ako rito, wala kayong makikitang drugs!

*Iaangat ni Artur ang sleeves ng braso ni Ms. Apple. Makikita niya ang tattoo na PUNKS NOT DEAD.*

**ARTUR**

Hep, ano 'yan! Misis, halika rito!

**BIRENG**

Sir, ayaw ko na po! Pagod na pagod na ako.

**ARTUR**

Tumigil ka nga. Kukutusan kita diyan e. Pa'no n'yo ipagkakaila na di kayo magkasabwat? E 'tang ina n'yo, parehas tatoo n'yo, o. Mga ulol, binibilog n'yo ako!

**BIRENG**

*(Kay Ms. Apple)* May tattoo ka rin pala? PUNKS NOT DEAD!?

**MS. APPLE**

Yes po, Misis. No'ng teenager pa ako niyan.

**BIRENG**

Ano ka ba, bakit hindi mo sinabi?

**MS. APPLE**

Baka kasi i-judge ninyo ako na teacher tapos may tattoo.

**BIRENG**

Bakit ko naman gagawin 'yon? Gumaan ang loob ko sa 'yo. Ano ba'ng genre mo?

**MS. APPLE**

E di siyempre po, Punk Rock!

**BIRENG**

Ako rin!

*Saglit na magtatawanan ang dalawa pero sisigaw ulit si Artur.*

**ARTUR**

Sinabi nang walang magsasalita! Maghiwalay kayo!

*Mananahimik ulit sina Bireng at Ms. Apple. Pupuntahan ni Artur ang mga box.*

**ARTUR**

Ano itong mga nasa loob ng box? Nandito ang mga item?

**MS. APPLE**

Opo, sir. Nandiyan ang mga module. 'Wag po ninyong buksan. Hindi pa na-sanitize 'yan! Baka po may virus at mahawa pa kayo.

*Bubuksan pa rin ni Artur ang box. Iisa-isahin niya ito. Makikita niya na puro modules ang laman ng box.*

**BIRENG**

Walang item, di ba, sir? Mga module lang ang nandiyan!

**MS. APPLE**

Sir, itigil na natin 'to. Wala nga pong drugs dito!

*Maririnig ang wang wang sfx.*

**ARTUR**

Tumahimik kayo! Andiyan na sila. Putang ina n'yo sabihin n'yo na sa 'kin kung nasa'n 'yong item.

**BIRENG**

*(Kay Artur)* Nagkamali ka, ano? Ilang beses ka nang nagkamali sa mga inakusahan mo?

**MS. APPLE**

Sir, mali po yatang pinagbibintangan n'yo kami. Ginawa n'yo pang sindikato ang PUNKS NOT DEAD!

*Hahalungkat-halungkatin pa rin ni Artur ang mga box. Itataob niya at ikakalat ang mga module.*

**ARTUR**

Hindi puwede e. Hindi puwede. Nandito lang 'yong mga item. Nareport ko na 'to e.

**MS. APPLE**

Sir, inayos ko na 'yan kanina! Naka-arrange na 'yan per subject e! Bakit ginugulo ninyo? Hindi naman kayo ang mahihirapang magsalansan ng mga module na 'yan!

*Hindi na haharap sa pader si Bireng. Magpapamewang na ito na nakaharap kay Artur.*

**BIRENG**

Tigilan na natin ang palabas na 'to.

*Haharap si Artur sa kanila.*

*Pupuntahan ni Artur ang mga upuan. Isa-isa niya itong babaligtarin para maghagilap ng hinahanap niya.*

**BIRENG**

Gusto mo ba tulungan na kitang maghanap? Naku, sir. Baka hindi tayo matapos nito sa isang araw.

*Tutulungan ni Bireng na magbaligtad ng mga upuan si Artur.*

*Lalapitan ni Ms. Apple ang mga nagkalat na modules para subukang isalansan.*

**MS. APPLE**

Ginugulo n'yo lang 'yong mga module ng mga student ko dito e.

**BIRENG**

May nakita ka ba? Wala nga, di ba? Saan mo pa gustong maghanap?

**MS. APPLE**

Sir, tulungan n'yo na lang kaya akong mag-arrange ng modules dito. Ang dami ninyong kinalat.

*Babarilin ni Artur si Ms. Apple. Isusunod niya si Bireng. Ilalabas ni Artur ang pakete ng shabu galing sa kaniyang sapatos. Ilalagay niya ito sa loob ng bag ni Ms. Apple. Kukuhanan ng picture ang ebidensiya*

**ARTUR**

Ma'am! (*Babarilin*.) Misis! (*Babarilin*.)

**ARTUR**

Ito 'yong inerereklamo ng mga bata e. Confirmed, may gumagala ngang kriminal ... Ito 'yong kasabwat na asset. Miyembro ng sindikato. Ano ang pangalan ng sindikato n'yo? Punks Not Dead. Nanlaban e.

*Dahan-dahang magdidilim ang entablado.*

**** WAKAS ****